# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG PEBRERO 22, 2021, LUNES, IKA-09:30 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | Kagawad |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | Kagawad/ SK Federation President |

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME DATE 3/4/21 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED 16 MAR 2021 Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 184-T2021**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 132-T2020/ KAUTUSANG BARANGAY BLG. 14-T2020 NG SANGGUNIANG BARANGAY NA NAGKAKAHALAGA NG APATNAPU'T LIMANG LIBO ISANG DAAN ANIMNAPU'T WALONG PISO AT LIMAMPU'T LIMANG SENTIMOS (P45,168.55) MULA SA ISANG BAHAGDAN (1%) PONDO PARA SA SENIOR CITIZENS AFFAIRS AT PERSONS WITH DISABILITY NG BARANGAY SAN PABLO SUR.**

**SAPAGKAT**, may mga binalangkas na programa, proyekto at gawain ang Sangguniang Barangay ng San Pablo Sur para sa Senior Citizens Affairs at Persons with Disability sa taong 2021.

**SAPAGKAT**, ang mga nasabing programa, proyekto at gawain, ayon sa pagsusuri ay tumutugon sa pangangailangan ng mga Senior Citizens at Persons with Disability ng nabanggit na barangay.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Louie C. De Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Ramon D. Tan, Kgg. Mark Anthony P. Joven, Kgg. Lucena R. Odejar, Kgg. Regine S. Regalado at Kgg. Patrocinia S. Kalaw at sa buong pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 132-T2020/ Kautusang Barangay Blg. 14-T2020 ng Sangguniang Barangay na nagkakahalaga ng P45,168.55 mula sa isang bahagdan (1%) pondo para sa Senior Citizens Affairs at Persons with Disability ng Barangay San Pablo Sur.

**INIUUTOS**: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng San Pablo Sur, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY: Pebrero 22, 2021**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan